

# Epekto ng Instrumental OPM sa Komprehensyon ng mga Mag-Aaral

**Rica Joy D. Gasang, Maria Luz D. Calibayan (EdD)**  
University of Southern Mindanao, Kabacan, Cotabato, Philippines  
luzcalibayan29@gmail.com

**Asia Pacific Journal of  
Multidisciplinary Research**  
Vol. 7 No.1, 52-57  
February 2019, Part II  
P-ISSN 2350-7756  
E-ISSN 2350-8442  
www.apjmr.com  
CHED Recognized Journal  
ASEAN Citation Index

Date Received: September 19, 2017; Date Revised: February 18, 2019

**Abstract-** *Several studies have conducted about the effect of music on the academic learning of students particularly on reading comprehension. Hence, the purpose of the study was to investigate the effect of instrumental music (Original Pilipino Music) on the reading comprehension performance of two groups of Filipino students in Grade 8. The study utilized forty (40) students as participants. They were divided into two (2) groups composed of twenty (20) students both in the experimental and control group. Five different reading texts and reading comprehension tests were administered for both groups for five (5) days without background music. On the following week the same reading texts and reading comprehension tests were administered again for another five (5) days in the experimental group with background music and in the control group without music. The study employed "True Experiment" particular the Pre-test Post test Control Group Design. Results show that students who read and answer the comprehension test with the use of instrumental music as background got higher scores compared to the results of students taking the comprehension test without music.*

**Keywords-** Reading Comprehension, Instrumental Music, OPM

**Abstrak-** Marami ng pag-aaral ang nagpatunay sa makabuluhang epekto ng musika sa akademikong pagkatuto ng mga mag-aaral partikular sa gawaing pagbasa. Nilayon ng pananaliksik na ito na mailahad ang impluwensiya ng instrumental OPM music sa komprehensyon ng mga mag-aaral sa pagbasa ng teksto. Sa pagkuha ng datos, apatnapung (40) mag-aaral sa ikawalong baitang (Grade 8) ang nagsilbing mga kalahok sa pag-aaral. Hinati sa dalawang grupo ang mga mag-aaral dalawampu (20) para sa kontrolado at dalawampu (20) naman sa eksperimental na grupo. Ang dalawang grupo ay parehong pinabasa ng teksto at binigyan ng parehong pagsusulit sa unang limang araw na di ginamitan ng musika. Pagkasunod na linggo muling pinabasa ng parehong teksto at binigyan ng parehong pagsusulit ang dalawang grupo. Ginamitan ng "background music" ang grupong eksperimental samantalang walang musika sa kontroladong grupo.

Sa pag-aaral na ito ginamit ang pamaraang "True Experiment partikular ang "Pre-test- Post-test Control Group Design". Natuklasan na mas mataas ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa eksperimental na grupo kung ihambing sa kontroladong grupo. Napatunayan sa pag-aaral na ito ang makabuluhang epekto sa komprehensyon ng mga mag-aaral ang pagpaparinig ng musika habang nagbabasa ng teksto.

**Mga susing salita:** Komprehensyon, Pagbasa, Musikang Instrumental (OPM)

## INTRODUKSYON

Isa sa mga problema ng mga guro sa kanilang pagtuturo ay ang kakulangan ng interes ng mga mag-aaral sa gawaing pagbasa. Ang pagbasa ay isa sa mga makrong kasanayan na dapat matutunan ng isang mag-aaral. Bilang guro mahalagang malinang sa mga mag-aaral ang komprehensyon bilang isang kakayahan. Matatamo lamang ang kakayahang ito kung ang mga mag-aaral ay tinutulungan ng guro sa pamamagitan ng paggamit ng mga pamamaraan o estratehiyang makatutulong sa pagbasa na may pag-unawa.

Ang mga mag-aaral sa kasalukuyang panahon ay may iba't ibang estratehiya upang maunawaan ang isang teksto. Maraming mag-aaral ang nahihilig sa pakikinig ng iba't ibang musika habang gumagawa ng ibang Gawain tulad ng pagbabasa [1]. Ayon kay Brewer [2] makatulong din ang musika na maalaala ng mga mag-aaral ang mga impormasyon at karanasang pangkaalaman para maging kasiya-siya at kapana-panabik ang proseso ng pagkatuto. Malaki ang impluwensiya ng musika sa mga mag-aaral kaya magagamit ng guro ang musika bilang motibasyon sa paglinang ng kanilang komprehensyon.

Mas magkaroon ng pag-unawa ang mga mag-aaral na may musikang naririnig kaysa sa mga mag-aaral na di pinaririnig ng musika [3]. Sinasabing ang mga klasikong uri ng musika ay may positibong epekto sa kaalamang kognitiv ng mga bata. Ito ay karaniwang kilala na “Mozart Effect”. Ang bunga ng pakikinig ng musika ay siyang dahilan ng pagtaas o pagbaba ng “arousal” ng isang indibidwal na siyang makagagawa nang maayos na tungkulin.

Ayon din sa mga pananaliksik, ang musika ay makatutulong sa komprehensyon ng mga mag-aaral upang magkaroon ng hilig na magbasa. Sa maikling panahon, ang mambabasa ay nagkakaroon ng kaunlaran mula sa mahirap na salita ay mabibigyan ng kahulugan ang salita hanggang mabilis na maunawaan ang kaisipan ng buong teksto. Binanggit ni Teo [4] sa kanyang artikulo ang sinabi ni Dr. Gray na ang musika ay nakatutulong sa pagkokondisyon ng isipan upang matuto. Sa pakikinig ng musika malilinan ang holistikong kasanayang panlinggwistika tulad ng pagsusulat, pakikinig, pagbabasa at pagsasalita upang ang mga mag-aaral ay maging kompetitib sa iba’t ibang larangan at ihanda sa mas mataas na lebel ng edukasyon.

Ang guro sa wika ay responsable sa paglinang ng kakayahang linggwistika ng mga mag-aaral upang mapaunlad ang kaalaman at kakayahan sa apat na makrong kasanayan. Ang paglinang sa linggwistikang kakayahan ng mga mag-aaral ay nasa estratehiya ng guro kung paano ang isang kasanayan ay mapaunlad. Isang malaking hamon ito sa mga guro na mapukaw ang interes ng mga mag-aaral para matuto.

Ayon kay Bernales et al. [5] walang nagaganap na pagbasa kung walang natatamang pag-unawa. Ang pagbasang may pag-unawa ay produkto ng kasanayang pagkilala sa kahulugan ng mga salita at kasanayan sa pag-unawa sa pinakikinggan. Ang pagkilala sa mga salita ay may mahalagang papel sa pagbasang may komprehensyon. Mahalagang sangkap sa akademikong gawain ng isang mag-aaral ang komprehensyon upang mahubog ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbabasa. Ang kawalan ng interes sa gawaing pagbasa ay nagpapakita lamang ng kakulangan ng motibasyon sa panig ng mga mag-aaral.

Itinuturing na isang napakahalagang instrumento ang pagbasa sa pampaaralang kurikulum sapagkat sa pamamagitan nito nakapagtatamo ang mga mag-aaral ng kaalaman sa iba’t ibang asignatura. Ito ang kasangkapan sa pagkalap ng mga impormasyon sa larangan ng pamumuhay, musika, siyensya at sining. Mahihirapan ang mga mag-aaral sa paglutas ng mga

problema sa iba’t ibang asignatura kung hindi siya marunong bumasa lalong-lalo na kung hindi nauunawaan ang nilalaman ng kanyang binabasa [6].

Ang komprehensyon ay pag-unawa sa mga katotohanan at ideya sa pamamagitan ng pagsasaayos, paghahambing, pagsasalin, pagbibigay-interpretasyon pagbibigay-deskripsyon at pagkilala sa pangunahing ideya. May mga pananaw hinggil sa komprehensyon na basta nababasa ang limbag na teksto, ipinalalagay na naiintindihan ito. Kung naaalaala ang binasa, naiintindihan na rin ito. Kung baga “Pagbasa para Maunawaan” at “Malinaw na Pag-unawa sa Binasa” [7].

Sinasabi ng mga dalubhasa na mahalaga ang pag-unawa sa pagbasa. Walang pagbasa kapag walang pag-unawa. Ibig sabihin nito, maaaring nabibigkas ng tao ang mga salitang nakalimbag sa aklat o babasahin ngunit hindi naman niya iyon nauunawaan. Ito ay hindi maituturing na pagbasa. Bilang guro na naglalayong matulungan ang mga mag-aaral na malinang ang kakayahan sa pag-unawa sa binabasang teksto nahimok ang mga mananaliksik na pagtuunan ng pansin ang komprehensyon na siyang pokus ng pag-aaral na ito. Naniniwala ang mga mananaliksik na ang gawaing pagbasa ay maging kalugod-lugod kapag may magandang motibasyong ibinibigay ang guro na makalinang sa komprehensyon ng mga mag-aaral. Sa pananaliksik na ito, nilayong patunayan ang epekto ng pagpaparinig ng musika habang nagbabasa sa pagtaas ng antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral.

Sinasabi na kapag ang musika ay pinapatugtog sa silid-aralan, napapansin na may kakaibang pagbabago sa temperatura ng katawan, daloy ng dugo, paghinga at pulso ng mga mag-aaral at ang musika ay nakatutulong sa kanila upang maging panatag at masunurin. Ang tunog ay may partikular na kombinasyon at “frequency” na may positibong epekto sa isang bahagi ng utak, nakahahatid din ng kalmadong epekto sa mga mag-aaral. Kapag tinutugtog ang musika sa loob ng silid-aralan ay may kapansin-pansing pagbabago sa mga mag-aaral sa temperatura ng katawan, presyur ng dugo, bilang ng paghinga at bilang ng pulso at nakatutulong ang musika sa mga mag-aaral na maging kalmado [8].

Sa isinagawang pag-aaral ni Drowns [9] ang epekto ng klasikal bakgrawnd na musika sa tahimik na pagbasang may pag-unawa ay nakitang may pag-unlad sa naging resulta ng pag-aaral subalit ang mananaliksik ay may agam-agam na ang pag-unlad ay nakamit dahil sa pamamagitan ng sole music o iba pang paktor na kabilang.

Binanggit din ni Tucker [10] na “*it is widely believed that music learning, music reading and or/music participation enhance academic achievement, especially in reading and math*”.

Ayon sa pag-aaral na isinagawa nina Polancos, Dagatan, Galvez, at Solomon [11] tungkol sa “*Effects of Musical Environment on the Reading Comprehension of Musically Inclined Students*” lumabas na mas mataas ang nakuhang iskor sa post test ng eksperimental na grupo kung ihambing sa kontroladong grupo. Ang resulta ng post test sa dalawang grupo ay nagpakita na ang *instrumental music environment* ay may positibong epekto sa lebel ng komprehensyon ng mga mag-aaral.

Kaugnay naman sa isinagawang pag-aaral ni Rashidi [12] tungkol sa dalawang pangkat ng mga Iranian na mag-aaral sa Ingles na halos pareho ang antas ng pagtuturo sa pagbasang may pag-unawa sa ilalim ng magkaibang kondisyon (may musika at walang musika) sa loob ng dalawang (2) buwan lumabas sa resulta ng pag-aaral na may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng iskor sa dalawang pangkat tungkol sa epekto ng musika. Kinumpirma pa ng mananaliksik na mayroong pagbabago sa pagsasagawa ng pagbasa ng mga mag-aaral na Iranian sa Ingles na natuto ng pagbasang may pag-unawa sa mga sipi na may musikang naririnig.

Ayon sa pamaraang Suggestopedia ni Lozanov [13] ang utak ng tao ay may kakayahang magproseso ng maraming impormasyon kung nasa tamang kalagayan ang pagkatuto, katulad halimbawa ng isang relaks na kapaligiran at ipinaubaya lahat sa guro ang maaaring maganap sa pagkaklase. Mahalaga sa pamaraang ito ang musika na may tanging indayog na lumikha ng isang “relaks na kaligiran” at nagbubunga ng isang pagkatuto lagpas sa inaasahan. Dagdag pa ni Lozanov, habang nakikinig ang isang mag-aaral sa musikang Baroque, nagagawa niyang makapagtamo ng maraming impormasyon dahil sa alpha brain waves at pagbaba ng presyur ng dugo at pulso.

Ang pangunahing layunin sa pagtuturo ng pagbasa ay palawakin ang kaisipan, linangin ang kakayahan at kasanayan upang madaling makuha ang impormasyon o mensahe ng teksto. Kailangan ding maging mapanuri, maganyak ang interes ng mga mag-aaral at higit sa lahat makuha ang kaluguran sa pagbasa nang may pang-unawa.

Iba’t ibang pananaliksik na ang isinagawa tungkol sa epekto ng musika sa kakayahang kognitib, damdamin at pang-unawa ng mga mag-aaral. Kung

kaya ang nabanggit na mga literatura at mga pag-aaral ang naging batayan sa isinagawang pag-aaral.

## LAYUNIN NG PAG-AARAL

Pangalahatang layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang epekto ng musika sa komprehensyon ng mga mag-aaral sa binasang teksto. Ang mga tiyak na layunin ng pag-aaral ay ang mga sumusunod: 1) Matukoy kung may kaibahan sa iskor ng pre-test sa pagitan ng eksperimental at kontroladong grupo. 2) Matukoy kung may kaibahan sa iskor ng pre-test at post test ng kontroladong grupo. 3) Mailahad kung may kaibahan sa iskor ng pre-test at post test ng eksperimental na grupo. 4) Masuri ang kaibahan sa iskor ng post test sa pagitan ng eksperimental at kontroladong grupo at 5) Matukoy kung may kaibahan sa mean gain iskor sa pagitan ng eksperimental at kontroladong grupo.

## METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng True Experimental Pre-test Posttest Control Group Design. Isa sa katangian ng disenyong ito ay ang paggamit ng interbensyon sa malayang baryabol na bibigyan ng pauna at panghuling pagsusulit ang eksperimental at kontroladong grupo.

Isinagawa ang pag-aaral sa Mataas na Paaralan ng Amas, Lungsod ng Kidapawan. Ang mga kalahok sa isinagawang pag-aaral ay mga mag-aaral mula sa Baitang VIII (Grade 8). Sa pagpili ng mga kalahok ginamit ang *Simple Random Sampling* sa pamamagitan ng drawlots sa pagbuo ng eksperimental at kontroladong grupo.

Ang mga materyal na ginamit sa pag-aaral ay limang (5) instrumental classic OPM (Original Pilipino Music) at limang teksto (reading text) para sa pagbasa nang tahimik. Para masukat ang komprehensyon ng mga mag-aaral may inihandang labinlimang (15) aytem na mga katanungan ang mga mananaliksik mula sa bawat teksto. Sa pagbuo ng mga tanong isinaalang-alang ang iba’t ibang lebel o antas ng pag-iisip gamit ang taksonomiya ni Bloom. Dagdag pa nito, ang mga tanong ay ipinasuri at ipinawasto sa mga napiling “*validator*” para maiwasan ang duplikasyon ng mga katanungan at maunawaan ng mga mag-aaral ang bawat tanong.

Para maisagawa nang maayos ang pagpabasa ang grupong eksperimental ay inilagay sa Computer Laboratory Room samantalang ang kontroladong grupo naman ay sa katabing silid. Bilang *pre test* sa unang linggo ang dalawang grupo ay parehong

pinabasa nang tahimik na walang musika mula sa unang araw hanggang ikalimang araw at pagkatapos ay pinasagot sa mga mag-aaral ang mga katanungang kaugnay sa binasang mga teksto. Pagkasunod na linggo, gamit ang parehong mga teksto at mga katanungang ginamit sa unang linggo muling pinabasa at pinasagot ang mga tanong sa dalawang grupo ng mga mag-aaral mula unang araw hanggang ikalimang araw. Sa grupong eksperimental ang pagpabasa ay ginamitan ng *background music* samantalang sa kontroladong grupo ay walang musika.

Para sa istatistikang ginamit ang mga datos na nakalap ay sinuri gamit ang *F-Test* sa pamamagitan ng *Two-Way Analysis of Variance Technique* para matukoy ang kaibahan ng iskor ng mga mag-aaral sa eksperimental at kontroladong grupo.

### TEORETIKAL NA BALANGKAS

Maraming naniniwala na ang musika ay may mahalagang tungkulin sa proseso ng kaalaman ng mga mag-aaral. Nagsisilbi itong motibasyon sa paggawa ng iba't ibang gawain. Isa na rito ang gawaing pagbasa na kung saan pinaniniwalaan na ang paggamit ng musika bilang “background” habang ang mga mag-aaral ay nagbabasa ng teksto ay nakakaimpluwensiya sa kanilang komprehensyon. Mahalaga sa gawaing pagbasa ang komprehensyon sapagkat ang tunay na pagbasa ay ang pag-unawa sa tunay na mensahe ng teksto.

Naging saligan ng pag-aaral na ito ang Musical Complexity Theory na nagpapahayag na ang musika ay nakatutulong na mapataas ang performans ng mga mag-aaral. Isinasaad din na ang pagtaas ng kompleksidad ng musika ay nakapagpababa ng performans ikumpara sa hindi gaanong komplikadong musika [14].

Dagdag pa nito, ang Music Model of Academic Motivation ni Jones [15] sa tulong ng teoryang motibasyon ay magagamit din bilang modelo upang tumaas ang motibasyon sa larangan ng edukasyon. Nakasaad sa nasabing modelo ang limang komponent na mahalagang gamitin bilang motibasyon sa pagtuturo ng guro. Ito ay kinabibilangan ng kapangyarihan, kabuluhan, tagumpay, interes at kalinga. Sinabi pa ni Jones, na kung ang guro ay gumagamit ng isa sa mga teknik na ito, ang kaalaman ng mga bata ay maaaring tumaas.

Magiging gabay rin ang Teoryang Interaktibo na kung saan nagaganap ang interaksyon sa pagitan ng teksto at ng mambabasa. Ito ay nabubuo mula sa

kaalaman at ideya na dala ng mambabasa sa pag-unawa sa teksto. Nagkakaroon din ng epektibong pag-unawa sa teksto kapag ginagamit ng isang mambabasa ang kaalaman niya sa istruktura ng wika at bokabularyo kasabay ang paggamit ng dating kaalaman (prior knowledge) at mga pananaw.

### HAYPOTESIS

Ang paggamit ng musikang instrumental OPM sa pagbasang tahimik ng mga mag-aaral ay walang epekto sa kanilang komprehensyon.

### BALANGKAS NG PAG-AARAL

MALAYANG BARYABOL

DI-MALAYANG BARYABOL



Pigyr 1. Iskima ng Paradaym ng Pag-aaral

### RESULTA NG PAG-AARAL

Ang kabuuang resulta ng pag-aaral na ito ay makikita sa talahanayan 1 sa ibaba na kung saan sinuri ang kaibahan sa nakuhang iskor sa pagitan ng eksperimental at kontroladong grupo.

Ang Talahanayan 1 ay nagpapakita ng paghahambing sa Mean Iskor ng mga Mag-aaral sa Pagitan ng Kontrolado at Eksperimental na Grupo. Makikita sa resulta ng pre-test iskor ng kontroladong grupo ( $m=8.75$ ) samantalang sa eksperimental na grupo ( $m=8.99$ ) na may ( $F\text{-value}=0.7375, p=0.4389$ ) sa 5% level of significance na walang pagkakaiba sa kanilang antas ng pag-unawa sa binasang mga teksto. Ito ay indikasyon na ang dalawang grupo ay *homogeneous* sa larangan ng pagbasa na parehong binigyan ng *treatment at setting*. Ibig sabihin, masasabi na magkatulad ang kakayahan ng mga mag-aaral na kabilang sa dalawang grupo.

Hinggil naman sa iskor ng *pre-test* ( $m=8.75$ ) at *post test* ( $m=8.76$ ) ng kontroladong grupo na may ( $F\text{-value}=0.0039, p=0.9534$ ) sa 5% level of significance ang resulta ay nagpapakita na walang makabuluhang pagkakaiba ang antas ng pag-unawa sa ibinigay na *pre-test* at *post test* sa grupong kontrolado na di ginamitan ng musika.

Talahanayan 1. Paghahambing sa Mean Iskor ng mga Mag-aaral sa Pagitan ng Kontrolado at Eksperimental na Grupo.

PAGHAHAMBING	Mean	F-Ratio	Associated Probability
1. Pre-test Iskor ng Kontroladong Grupo	8.75	0.7375 <sup>ns</sup>	0.4389
Pre-test Iskor ng Eksperimental na Grupo	8.99		
2. Pre-test Iskor ng Kontroladong Grupo	8.75	0.0039 <sup>ns</sup>	0.9534
Post test ng Iskor ng Kontroladong Grupo	8.76		
3. Pre-test Iskor ng Eksperimental na Grupo	8.99	105.7282 <sup>**</sup>	0.0005
Post test Iskor ng Eksperimental na Grupo	10.64		
4. Post test Iskor ng Kontroladong Grupo	8.76	58.2754 <sup>**</sup>	0.0016
Post test Iskor ng Eksperimental na Grupo	10.64		
5. Mean Gain Iskor ng Kontroladong Grupo	0.01	61.3364 <sup>**</sup>	0.0014
Mean Gain Iskor ng Eksperimental na Grupo	1.65		

ns = not significant; \*\* = significant at 1% level

Sa *pre-test* ( $m=8.99$ ) at *post test* ( $m=10.64$ ) ng eksperimental na grupo ang *F-test* ay nagpakita na may makabuluhang pagtaas sa mean iskor na may (*F-value* = 105.7282,  $p= 0.0005$ ) sa 1% level of significance. Nagpapatunay lamang na ang paggamit ng musikang instrumental sa eksperimental na grupo habang nagpapabasa ng teksto ay nakapagpapataas ng pag-unawa ng mga mag-aaral na pinatunayan naman ni Tucker [10] na aniya'y ang pagbasang may musika o ang partisipasyon ng musika ay nakapagpaunlad sa akademikong kakayahan lalong-lalo na sa pagbasa at sa matematika.

Ipinapakita rin sa resulta ng pag-aaral na ang iskor sa *post test* ng kontroladong grupo ( $m= 8.76$ ) at eksperimental na grupo ( $m= 10.64$ ) ay may makabuluhang pagkakaiba sa 1% level of significance na may (*F-value* =58.2754,  $p= 0.0016$ ). Nangangahulugan lamang na ang komprehensyon ng mga mag-aaral sa eksperimental na grupo na ginamitan ng musika ay mas mataas ikumpara sa kontroladong grupo na walang musika. Sinasang-ayunan ng pag-aaral na ito ang isinagawang pananaliksik nina Furnham at Stephenson [14] na nagpahayag na ang instrumental at kalmadong musika ay nakapagpapataas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa gawaing pagbasa.

Napatunayan din sa resulta ng pag-aaral na ang *mean gain score* ng grupong kontrolado ( $m= 0.01$ ) at eksperimental ( $m=1.65$ ) ay may makabuluhang pagkakaiba sa 1% level of significance na may (*F-value* = 61.3364,  $p= 0.0014$ ). Batay sa resulta mas mataas ang *mean gain score* ng eksperimental na grupo kung ihambing sa kontroladong grupo. Kung kaya hindi tinanggap ang haypotesis na nagsasabi na ang paggamit ng musika sa pagbasang tahimik ay walang epekto sa komprehensyon ng mga mag-aaral sapagkat

sa pag-aaral na ito ang musika ay may makabuluhang epekto sa komprehensyon ng mga mag-aaral na sinuportahan naman nina Rashidi [12] at Polancos, et.al (2012) sa kanilang pag-aaral na may nangyayaring pagbabago sa performans ng grupong may musikang naririnig kaysa sa grupong walang musika habang nagbabasa.

#### LIMITASYON NG PAG-AARAL

Ang isinagawang pag-aaral ay nakalimita lamang sa apatnapung (40) mga mag-aaral ng ikawalong baitang (Grade VIII). Ginawa ang eksperiment sa loob lamang ng dalawang (2) linggo. Sa *genre* naman ng musikang ginamit nakapokus lamang sa limang (5) instrumental OPM (*Original Pilipino Music*). Ang ginamit naman para sa pagbasa (*silent reading*) sa loob ng dalawang linggo ay limang teksto o seleksiyong pinili ng mananaliksik na angkop para sa mga mag-aaral na nasa ikawalong baitang na may tiglalabinlimang (15) katanungan sa bawat teksto. Pareho ang ginamit na tekstong pinabasa sa eksperimental at kontroladong grupo sa unang linggo (*pre-test*) at sa ikalawang linggo (*post test*).

#### KONKLUSYON

Pagkatapos ng isinagawang pag-aaral, lumabas na mas angat ang komprehensyon ng mga mag-aaral na ginamitan ng musika habang nagbabasa nang tahimik kaysa sa mga mag-aaral na hindi ginamitan ng musika. Nagpapatunay lamang ito na ang musika ay nagsisilbing magandang motibasyon o pagganyak sa pagkakaroon ng interes o kawilihan ng mga mag-aaral sa gawaing pagbasa na nagreresulta sa pag-unlad ng kanilang kakayahan sa pagbasang may pag-unawa.

## REKOMENDASYON

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral iminumungkahi sa mga guro ang paggamit ng musika bilang isa sa mga kagamitang pampagtuturo para makatulong sa mabisang pagkatuto ng mga mag-aaral sa iba't ibang aralin lalong-lalo na sa gawaing pagbasa na ang layunin ay malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasang may pag-unawa.

Dahil nakalimita lamang sa musikang instrumental OPM ang ginamit sa pag-aaral na ito maaaring gumamit ng iba pang genre ng musika para sa mga susunod na pag-aaral.

Para lalo pang mapatunayan ang epekto ng paggamit ng musika sa komprehensyon ng mga mag-aaral dapat isaalang-alang ang tagal ng panahon o (time duration) sa pagsasagawa ng pag-aaral at mga seleksyon o teksto na gagamitin para sa gawaing pagbasa.

## TALASANGGUNIAN

- [1] Darrow, A., Johnson, C., Agnew, S., Rink, E. (2006) The Effect of Preferred Music as a Distraction on Music Majors' and Non Music Majors' Selective Attention. Bulletin of the Council for Research in Music Education pp. 21-32. Kinuha noong Oktubre 18, 2015, sa <http://www.sciencedirect.com/science/article/pii/S1877042815045036>
- [2] Brewer, C. (1995). Music and Learning: Integrating Music in the Classroom. Kinuha noong Oktubre 21, 2015 sa <http://education.jhu.edu/PD/newhorizons/strategies/topics/Arts%20in%20Education/brewer.htm>
- [3] Etaugh, C., Ptasnik, P. (1982). Effects of Studying to Music and Post-Study Relaxation on Reading Comprehension. Perceptual and Motor Skills: Volume 55, Issue, pp. 141-142. Kinuha noong Agosto 20, 2015, sa <http://www.amsciepub.com/doi/abs/10.2466/pms.1982.55.1.141>
- [4] Teo, J. (2013). Mind Your Body, The Strait Times. Kinuha noong October 21, 2015 sa <http://yourhealth.asiaone.com/content/right-music-can-help-stimulate-learning-enhance-concentration#sthash.aal5nRsZ.dpuf>
- [5] Bernales, R.A, Atienza G.C, Talegon, V.M.Jr. at Rovira S.G. (2008) Kritikal na Pagbasa at Lohikal na Pagsulat Tungo sa Pananaliksik Mutya Publishing House Inc.
- [6] Belvez, P. M. (1984) Maghandang bumasa, Sanayang-aklat, Vibal Publishing, Quezon City
- [7] Fortunato, T. F. Ph D. (2008). Mga Antas ng Komprehensyon sa Pagbasa. Davao City

- [8] Merrell, C.C. (2004). The Benefit of Incorporating Music in the Classroom. Kinuha noong Agosto 19, 2015 sa <http://Audreymerrell.net/INTASC/INTASC6/the%20benefits%20of%20incorporating%20music.pdf>
- [9] Drowns, M. R. (2002). The Effect of Classical Background Music on Fourth-Grade Silent Reading Comprehension. Unpublished M.A. Thesis, Truman State University, Division of Education, Kirksville, Missouri. Kinuha noong Oktubre 19, 2015, sa [http://www2.truman.edu/~ed27/eg\\_folio/mdrowns/evidence\\_reflection/1.2.9/internship\\_notes.pdf](http://www2.truman.edu/~ed27/eg_folio/mdrowns/evidence_reflection/1.2.9/internship_notes.pdf)
- [10] Tucker, A. (1981). Music and the teaching of reading. A review of the literature. Reading Improvement, v18 n1, p.14-19, Spr 1981. Kinuha noong Enero 4, 2016 sa <http://learnhowtostudy.com/testing-for-the-effects-of-music-on-reading-comprehension-skills-under-different-music-environments>
- [11] Polancos, A.J., Dagatan, J., Galvez, M., at Solomon, J.P. (2012). Effects of Musical Environment of the Reading Comprehension of Musically Inclined Students
- [12] Rashidi, N. (2011). The Effect of Classical Music on the Reading Comprehension of Iranian Students. Theory and Practice in Language Studies, vol. 1, no. 1, pp. 74-82, Finland:ACADEMY PUBLISHER. January 2011. Kinuha noong Oktubre 19, 2015, sa <http://www.academypublication.com/issues/past/tpls/vol01/01/11.pdf>
- [13] Lozanov, G. (1979) Suggestology and outlines of suggestopedya New York Gordon and Breach.
- [14] Furnham, A. & Bradley, A. (1997). Music while You Work: The Differential Distraction of Background Music on the Cognitive Test Performance of Introverts and Extraverts Applied Cognitive Psychology, 11 (1997), pp 445-455. Kinuha noong Oktubre 18, 2015, [http://online.library.wiley.com/doi/10.1002/\(SICI\)10990720\(199710\)11:5%3C445:AID-ACP472%3.0.CO;2-R/abstract](http://online.library.wiley.com/doi/10.1002/(SICI)10990720(199710)11:5%3C445:AID-ACP472%3.0.CO;2-R/abstract).
- [15] Jones, B.D. (2009). Motivating Students to Engage in Learning: The Music Model of Academic Motivation, International Journal of Teaching and Learning in Higher Education, 21 (2),p 272-285. Kinuha noong Oktubre 25, 2015, sa <https://psuf10.wordpress.com/2013/10/25/boulevard-of-broken-theories-music-model-of-academic-motivation/>.

## COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMR. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).